



EDITORIAL

Maglalaho ang mga ilusyon ng AFP

Kung paniniwalaan ang araw-araw na satsat ng Armed Forces of the Philippines (AFP), matagal nang ubos ang Bagong Hukbong Bayan (BHB). Libu-libo na raw ang "sumurender" at "nagbalik-loob." Lusaw na raw ang mga larangang gerilya at pilay na ang natitira pang mga yunit ng BHB. Wala na raw suporta ang BHB dahil "persona non grata" na ito sa mga lunsod at baryo. Maayos na raw ang buhay ng mga tao dahil sa inihahatid na raw ang mga batayang serbisyo sa mga tinagurian nitong "pugad ng NPA." Mayroon na raw mga proyektong pangkaunlaran at mapapawi na ang kagutuman at kahirapan. Patunay diumano ito ng tagumpay ng planong Kapangatagan, ang kampanyang idinugtong sa Oplan Kapayapaan, na kopya sa "whole-of-the-nation" ng doktrinang "kontra-insurhensya" ng US.

Ang mga ito'y pawang ilusyong hinahabi ni Rodrigo Duterte at ng AFP. Ilusyon ang dami ng "sumurender" na lampas sa sinasabi nilang bilang ng mga Pulang mandirigma. Karamihan sa kanila ay mga magsasaka at katutubong napilitang magtaas ng kamay matapos silang lansihin o kaya'y sindakin ng mga sundalong nag-ooperasyon sa kanilang mga baryo. Wala pang

isang porsyento sa kanila ang tunay na Pulang mandirigma na nahuli o sumurender. Hindi man sinasadya, sa pinalalabas na dami ng "sumurender," si Duterte at ang AFP na mismo ang nagpapatunay na malawak at malalim ang suporta sa BHB ng mamamayan sa kanayunan.

Lalong malaking ilusyon ang ipinagmamayabang ng AFP na mga

"Maglalaho..." sundan sa pahina 2

20 sundalo, kaswalti sa mga opensiiba ng BHB

SIYAM ANG PATAY at 11 ang sugatan sa Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga opensiiba ng militar na inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Masbate, Quezon at Bukidnon simula Oktubre 8 hanggang Oktubre 19.

Magkasabay na pinaputukan ng mga yunit ng BHB-Masbate ang magkakahiwalay na mga pwersa ng 2nd IB sa Sityo Poro, Barangay Talisay, San Fernando, Masbate noong Oktubre 12. Dalawa ang patay at anim ang sugatan sa mga sundalo.

Matagal nang nananalasa ang mga "peace and development team" ng 2nd IB sa mga barangay ng San Fernando. Winawasak nito ang kabuhayan ng mga residente. Tatlong sibilyan naman ang ma-

"20 sundalo..." sundan sa pahina 3

serbisyong sosyal at mga proyektong pangkaunlaran. Nasaan ang mga serbisyong kailangang-kailangan ng mamamayan? Nasaan ang mga patubig, patuyuan ng palay o mais, gilingan, at iba pang proyektong kapaki-pakinabang sa milyun-milyong magsasaka at mga minor-ya? Sira-sirang pabahay ang alok nila sa mga magsasakang matapos "sumurender" ay gustong palayasin sa kanilang mga baryo. Libreng telebisyon ang ibinigay sa mga residente ng Lianga, sa Surigao. Isa o dalawang araw na pakitang-taong misyong medikal, libreng panggugupit, pagbubunot ng ngipin at iba pang gimik ang isinasagawa ng reaksyunaryong gubyrno samantalang napakalaki ng pagpapabaya nito sa pampublikong kalusugan at iba pang serbisyong pambayan. Karamihan sa mga programang ito ay ipinatutupad ng mga lokal na gubyrno at ipinaiilalim lamang sa kontrol ng AFP.

Walang ilusyon ang masang anakpawis, laluna sa kanayunan, sa mga ipinagmamalaki ng AFP. Sa ma-

ta ng mamamayan, walang nagbago sa mga tropa ng AFP. Sila pa rin ang mga armadong maton na nagkampo sa gitna ng mga baryo at naninindak sa mga tao. Ang kanilang mga batalyon pa rin ang nanghahaw sa mga bundok at bukid para magsagawa ng operasyong paghawan at mambulabog sa kabuhayan ng mga sibilyan. Ang mga sundalo pa rin ang nagtatayo ng susun-susong mga detatsment upang bantayan ang malalaking proyektong pang-enerhiya, plantasyong komersyal at mga kumpanya sa konstruksyon. Sila ang dahilan kung bakit ilang komunidad ang natiwangwang dulot ng malalaking operasyong kombat na suportado ng panganganyon, at pambobomba at istraping mula sa ere.

Tuluy-tuloy na pinararami ni Duterte ang tauhan at mga sandata ng AFP at mga paramilitar nito para lalo pang paigtingin ang digmang mapanupil. Ipinagmamayabang niya ang pagtatatag ng 10 bagong batalyon at isang bagong dibisyon, gayundin ang unang Brigade Com-

bat Team na itinayo alinsunod sa plano ng US. Naglulunsad din ang mga yunit ng AFP ng napakaraming sustenido at nakapokus na mga operasyong militar na nagwaldas ng pera ng bayan. Sa Mindanao lamang, iniulat ng Eastern Mindanao Command ng AFP na naglunsad ito ng 128,000 maliliit at malalaking operasyong militar sa apat na rehiyon mula Hunyo 2017 hanggang Agosto 2018. Para tustusan ito, palaki nang palaki ang badyet na hinihingi ng AFP. Ang AFP at PNP ang pinakaunang prayoridad ni Duterte sa pondo.

Para makakuha ng dagdag pang pondo para sa kurakot ng mga heneral, walang kahihyan ang pamalimos ni Duterte sa US ng armas, pondo at iba pang gamit-militar sa ilalim ng programang "modernisasyon" ng AFP. Lumalapit siya sa Russia at China para kunwa'y maghanap ng alternatiba pero ang too'too'y umaasa lamang silang "mawalan ng katiyakan" ang US sa al-yansa nito sa Pilipinas at "mapwersa" itong magbigay ng mas malaking pondo at ng inaasam-asam nitong bagong mga armas.

Nag-iilusyon si Duterte na magagapi ng kanyang AFP ang BHB. Hindi ito mangyayari dahil bulok at mahina sa kaibuturan ang AFP. Isa itong papet na hukbo na itinayo, pinopondohan at inaarmasan ng US. Katawa-tawa na ang US ang tagapayo nila sa "kontra-insurhensya" gayong wala pa itong nagaping pwersang gerilya sa mahigit kalahating siglo ng mga gerang panghihimasok na inilunsad nito sa buong mundo (mula sa Vietnam hanggang Afghanistan).

Nakaayon ang katangian, direksyon at istruktura ng AFP sa interes at pangangailangan ng US. Isa itong hukbong ginagamit ng US para supilin ang hangarin ng bayan para sa pambansang paglaya at patatagin ang imperyalistang dominasyon ng US sa bansa. Itinatayo at sinasanay ng US ang mga yunit ng AFP para

 <p>Tomo L Blg. 20 Oktubre 21, 2019</p> <p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.</p> <p>Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.</p> <p> instagram.com/prwcnewsroom</p> <p> @prwc_info</p> <p> cppinformationbureau@gmail.com</p>	<h2 style="text-align: center;">Nilalaman</h2> <p>Editorial: Maglalaho ang mga ilusyon ng AFP 1</p> <p>20 sundalo, kaswalti sa opensiba ng BHB 1</p> <p>Bitak sa militar sa likod ng pekeng balita 3</p> <p>Ang nagtatanim, walang makain 4</p> <p>Ayuda, hindi importasyon at pautang 5</p> <p>Manggagawa ng Wyeth-Nestlé, nagpiket 5</p> <p>Ika-apat na edisyon ng MKLRP, inilabas 5</p> <p>Operasyong militar at mina sa Tampakan 6</p> <p>Pagkamal ng yaman ng mga Alcantara 7</p> <p>Regalo ni Duterte sa mga guro 8</p> <p>Mga manggagawa sa NKTII, tagumpay 8</p> <p>55 paaralang Lumad, ipinasara 8</p> <p>Karahasan sa Leyte 8</p> <p>Krisis sa transportasyon 9</p> <p>Rojava, muling sinalakay ng Turkey 10</p> <p>Neoliberal na patakaran, nilabanan 11</p> <p>Martsa laban sa <i>climate change</i> 12</p>
<p style="text-align: center;">Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>	

"Maglalaho...", mula sa pahina 2

tuwirang gamitin sa "kontra-terorismo" at "kontra-insurhensya" tulad ng 1st Light Reaction Regiment, dalawang Brigade Combat Team at iba pang yunit (Aviation Regiment, Artillery Regiment at iba pa) at para sumalo ng ibinebenta nitong lumang mga sasakyang panghimpapawid at artileri.

Batbat ng korapsyon, anomalya at napakatinding internal na tunggalian ang AFP. Pinaghahatian ang hukbong ito ng mga nagriribalang reaksyunaryong pangkatin. Nag-aagawan ang mga heneral nito sa pondo, rekurso at pribilehiyo para tustusan ang kanilang mararangyang buhay at mga bisyo. Nag-uunahan sila sa pagbalsa ng pondo sa lahat ng antas ng burukrasya—mula sa pondo para sa pensyon ng mga retiradong sundalo hanggang sa pondong pansweldo sa mga elemento ng CAFGU. Sangkot, kundiman pinamumunuan nila, ang pinakamalalaki at pinakamararahas na sindikatong kriminal.

Walang suporta ng mamamayang Pilipino ang AFP. Higit pa, kinamumuhian ito ng mga tao. Mahaba at mapait ang karanasan ng mamamayan sa brutalidad nito. Hindi nila malilimutan ang matitinding abuso sa ilalim ng diktadurang US-Marcos at ang mga pasistang krimen sa nagdaang tatlong dekada. Batid nila kung papaanong hinihigitan na ni Duterte ang karahasang ito. Ang AFP, at wala nang iba, ang tunay na *persona non grata* sa mga baryo at komunidad ng mga magsasaka at katutubo.

"20 sundalo...", mula sa pahina 1

rahas na pinaslang sa Barangay Liong at Buenavista.

Noong Oktubre 17, pinasabugan ng isang yunit ng BHB-Quezon ang nagpapatrulyang mga tropa ng 85th IB sa Sityo Catulin, Barangay Suha, Catanauan, Quezon. Hindi bababa sa anim ang patay sa hanay ng mga sundalo. Samantala, isa ang patay na sundalo sa operasyong isnayp na

Habang pinalalaki ng rehimen ang AFP at pinakakawalan niya ang mga yunit nito sa kanayunan, lalong humahaba ang listahan ng mga paglabag nito sa mga karapatan ng mamamayan. Mas maraming sundalo, mas maraming krimen at abuso. Ginagatungan nila ang galit ng mamamayan at itinutulak sila na mas mahigpit na sumuporta at makipagtulungan sa hukbong bayan. Patuloy ang maramihang pagsapi ng masang anakpawis at mga intelektwal sa BHB dahil sa matinding pagtugis, panggigipit at pagbabanta. Si Duterte ngayon ang numero unong tagarekrut ng BHB sa kanayunan.

Tuluy-tuloy na pinalalawak at pinatatatag ng Partido ang BHB sa buong bansa. Sa kabila ng malalaki at todong mga opensiba ng AFP, patuloy na nakapagpupunyagi ang BHB at nakapagpepreserba ng lakas. Hindi ito nagagapi ng kaaway dahil taglay nito ang malalim at malawak na suporta ng masa at dahil bihasa ito sa paggamit ng mga taktikang gerilya.

Hindi maglalaon, maglalaho ang hinabing mga ilusyon ni Duterte at ng AFP. Habang nagtatagal at tumitindi ang gera ng AFP laban sa bayan, lalong tumitindi ang hangarin ng mamamayang Pilipino na wakasan ang pasistang brutalidad ng rehimen Duterte. Gaanupaman katindi ang pagsupil ng AFP, hindi nila mahahadlangan ang pagsambulat ng galit ng bayan at ang tuluy-tuloy na pagsulong ng armadong pakikibaka sa buong bansa. **AB**

inilunsad ng BHB sa Barangay Abuabo, Mauban noong Oktubre 8.

Sa Bukidnon, limang sundalo ang naiulat na kaswalti nang pasabugan ng mga Pulang mandirigma ang nag-operasyong tropa ng 401st Ibde sa Sityo Mahan-aw, Barangay Bulonay, Impasug-ong. Isinagawa ng BHB-Bukidnon ang pag-atake noong Oktubre 19 sa alas-10 ng umaga. **AB**

Bitak sa militar sa likod ng pekeng balita

PILIT ITINATAGO NG mga pekeng balita ang matinding bitak at demoralisasyon sa loob ng militar at pulisya. Sa Kalinga, Abra at Ifugao, pekeng balita ang ipinantakip sa mga insidente ng barilan sa pagitan ng mga sundalo at CAFGU, at ng mga pulis.

Noong Agosto 15, dalawang myembro ng CAFGU ang napatay matapos makipagbarilan sa mga sundalo ng 24th IB sa loob ng kanilang kampo sa Sityo Mong-ol, Barangay Maguyep-yep, Sallapadan, Abra. Pinagaagawang ulam na *golden* kuhol ang dahilan ng insidente. Upang pagtakpan ang kapalpakan, nag-utos ang mga upisyal ng 24th IB na magsagawa ng pekeng labanan upang palabasing inatake sila ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Pekeng balita rin ang ipinagkalat ni Col. Henry Doyaoen ng 503rd IBde matapos magbarilan ang mga CAFGU at tropa ng 50th IB noong Marso 20 sa Kalinga. Magkahiwalay na nag-operasyon ang dalawang pangkat sa hangganan ng mga barangay ng Buaya at Mabaca sa Balbalan nang mag-engkwentro. Isang sundalo ang napatay sa sagupaan. Upang isaliba ang reputasyon, ibinalita ng militar na nagkaroon ng labanan sa pagitan ng BHB at AFP, at mayroon pa umanong nasamsam na riple.

Isang elemento naman ng CAFGU ang pinatay ng nag-operasyong mga sundalo ng 50th IB sa Barangay Sakpil, Conner, Apayao. Nag-iigib noon ng tubig sa labas ng kanilang kampo ang naturang CAFGU nang paputukan ng mga sundalo. Noon namang Setyembre 29, dalawang pulis ang binaril ng kanilang kapwa pulis sa loob ng kampo ng Regional Mobile Force Battalion sa Banaue, Ifugao. **AB**

Ang nagtatanim, walang makain

Seryoso ang problema ng kagutuman sa Pilipinas. Ito ang iginiit ng Welthungerhilfe at Concerned Worldwide hinggil sa Global Hunger Index (GHI) noong 2019. Ang GHI ay naglalaman ng tantos ng kagutuman at malnutrisyon sa mga bansa. Sinabi rin sa ulat na "nakaalarma" ang pagkabansot ng mga batang wala pang limang taong gulang, tanda ng laganap na malnutrisyon.

Kabalintunaan na ang kagutuman ay pinakaramdam ng mga pamilyang magsasaka na lumilikha ng pangunahing pagkain ng bayan. Umaabot sa 70% sa sektor na ito ay nabibilang sa pinakamahihirap. Pinakalaganap ang kagutuman sa Autonomous Region in Muslim Mindanao kung saan umaabot sa 44% ang nagugutom batay sa konserbatibong taya ng reaksyunaryong gubyerno.

Mayor na dahilan ng gutom at kakulangan ng pagkain sa kanayunan ang napakababang kita ng mga magsasakang walang sariling lupa at mababang sahod ng mga manggagawang-bukid. Lalo pa itong pinalalala ng Republic Act 11203 o Batas sa Liberalisasyon ng Bigas (Rice Tariffication Law) na pumapatay ngayon sa mga magsasaka ng palay.

Mula nang ipatupad ang batas na ito noong Pebrero, walang-pigil ang pagdagsa ng bigas mula sa ibang bansa. Tinatayang aabot sa 2.3 milyong metriko tonelada (MT) ang aangkatin sa taong ito, kumpara sa 1.9 milyong MT noong 2018. Ang isang tonelada ay katumbas ng 1,000 kilo.

Dahil dito, bumagsak ang presyo ng palay na binibili sa mga magsasaka. Ayon sa ilang pananaliksik, sa abereyds ay lampas 21% ang ibinagsak ng presyo ng palay noong Setyembre kumpara sa parehong panahon noong 2018. Dahil dito, bumagsak ang kita ng mga magsasakang nagbebenta ng tuyong palay mula P29,100/ektarya tungong P10,500/ektarya na lamang sa buong bansa. Mas malaki pa ang lugi ng mga magsasakang nagbebenta ng "basa" o hindi nabilad na palay.

Luging mga sakahan

Sa datos ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM)-Bikol,

P8.50 na lamang ang presyo ng sariwang palay sa bayan ng Polangui, na isa sa mga nangungunang prodyuser ng palay sa Albay. Sa presyong ito, lugin-lugin ang magsasaka na gumagastos ng hindi bababa sa P51,130 para sa isang ektaryang palayan. Kabilang sa halagang ito ang gastos sa mga materyales (P8,100) at arawang patrabaho (P43,030). Kung pakyawan ang patrabaho, P48,210 ang kailangan ng magsasaka. Lahat ng gastusin ay binabalikang niya.

Matapos ang tatlong buwan, aanihin sa isang ektaryang palayan ang 70 sakong palay, na karaniwang tumitimbang ng 50 kilo bawat sako. Sa presyong P8.50 kada kilo, kumikita lamang ng P29,750 ang magsasaka. Kung ibabawas ang gastos sa produksyon, walang matitira para sa kanya at lugi siya ng P21,380. Magkakautang pa siya sa panginoong maylupa dahil obligado siyang ibayad ang 10% ng kanyang netong kita bilang upa sa lupa.


Utang din ang inaani ng mga magsasaka ng palay sa Camarines Sur. Sa kabuuang gastos sa produksyon na maaaring umabot ng P49,590, kumikita lamang sila ng P26,250 para sa 75 sako sa presyong P7 kada kilo ng palay. Kaposila ng mahigit P23,000 para maka-

bawi man lamang sa puhunan. Kailangan pang umutang ng magsasaka sa panginoong maylupa o usuro para makatawid sa susunod na taniman. Matapos malugi sa pagtatanim ng palay, nahaharap sila sa mataas na presyo ng bigas na umaabot na sa P30-P50 kada kilo. (Sa Albay, karaniwan ang hatian sa netong kita na 40% ang napupunta sa magsasaka. Ang lahat ng gastos sa produksyon ay aakuin ng mayari ng lupa.)

Ayon sa taya ng PKM, P13.80-P14.50 ang kinakailangan para sa produksyon ng isang kilong palay sa Pilipinas. Lubhang malayo ito kumpara sa P7 sa Vietnam at P11 sa Thailand. Sa mga bansang ito, naglalaan ng subsidyo ang mga pamahalaan para sa pagtatanim ng palay.

Iginigiit ng mga magsasaka ang kagyat na pagbabasura sa RA 11203 at pagtataas sa presyo ng palay. Kung hindi, ibayong gutom ang kasasadlakan nila. Ngayon pa lamang, tinatayang hindi bababa sa P60 bilyon ang naging pagkalugi nila mula Enero-Agosto.

Sa pangmatagalan, ang rebolusyong agraryo ang magtitiyak sa minimum na mga benepisyo para sa mga magsasaka, hanggang sa makamit ang libreng pamamahagi ng lupa para sa kanila. Kaakibat ng iba pang programang sosyo-ekonomiko, higit na nagiging kapaki-pakinabang ang produksyon ng mga magsasaka upang paunlarin ang kanilang kalusugan at kagalingan. AB



Ayuda, hindi importasyon at pautang

IGINIIT NG MGA progresibong organisasyon ng magsasaka nitong Oktubre na kaagad itigil ng rehimeng US-Duterte ang importasyon ng bigas at bigyan ng kinakailangang ayuda ang mga magsasaka ng palay. Ipinanawagan nila ang pagbabasura sa Batas sa Liberalisasyon ng Bigas o RA 11203 na malaking pabigat pa sa mga magsasaka. Anila, walang magiging silbi ang mga makina at pananaliksik kung patay na ang mga magsasaka sa palayan.

Sa Metro Manila, nagsimula ang serye ng mga pagkilos sa World Food Day noong Oktubre 16. Nagkaroon din ng pagkilos sa Cabanatuan City at San Jose City sa Central Luzon. Binatikos ng mga magsasaka rito si Sen. Cynthia Villar na pangunahing nagsulong ng nasabing batas. Isa ang pamilyang Villar sa dati nang nakikinabang sa pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural para gamitin sa mga proyektong pabahay.

Sa Bicol, itinayo ng mga magsasaka ang panrehiyong sangay ng aliyansang Bantay Bigas. Nagkaroon

ng pagkilos sa Legazpi City, Albay. Bukod sa pagpapataas ng presyo ng palay, panawagan din ng mga mag-niniyog na huwag silang dayain sa timbangan. Kinundena rin nila ang militarisasyon at karahasan ng AFP sa mga komunidad sa kanayunan.

Benepisyong pakikibaka

Nagresulta sa pagkamit ng mga benepisyong walang humpay na pakikibaka ng mga magsasaka sa Cordillera para sa nararapat na ayuda at benepisyong nakaraang mga buwan.

Noong Mayo, naigiit ng 3,000

magsasaka sa Abra na maglaan ng pondo ang lokal na guberno bilang ayuda sa mga biktima ng tagtuyot. Sa bayan ng Malibcong, naigiit ng mga magsasaka na bigyan sila ng 12 kuliglig gamit ang pondo mula sa buwis sa tabako at 50 kaban na bigas mula naman sa pondong pangkalamidad ng munisipyo. Sa muling pagtitipon ng mga kinatawan ng mga organisasyon ng mga magsasaka noong Hunyo, iginiit naman nilang ibigay ng munisipyo ang subsidyong bigas mula sa P4.5 bilyon pondong pangkalamidad nito. Isa ang Abra sa mga prubinsyang malalang tinamaan ng tagtuyot sa Cordillera. Tinatayang umabot sa 70,000-80,000 ektarya ang nasalantang mga sakahan sa kapatagan at mabubundok na bahagi ng prubinsya. AB

Manggagawa ng Wyeth-Nestlé, nagpiket

Nagpiket ang mga manggagawa ng Wyeth-Nestlé noong Oktubre 14 sa harap ng kumpanya sa Cabuyao, Laguna. Dismayado sila sa naging resulta ng *collective bargaining agreement* (CBA) sa pagitan ng maneydsment at mga upisyal ng Wyeth Philippines Progressive Workers Union (WPPU).

Anang unyon, napakaliit ng iniaalok na dagdag-sahod gayong ipinagmamalaki ng kumpanya na kumikita ito ng P17 bilyon kada taon. Maliban sa dagdag na benepisyong, giit din ng mga manggagawa na gawing regular ang 300 kontraktwal sa kumpanya at ibalik ang mga manggagawang iligal na tinanggal. Ang Wyeth-Nestlé ay multinasyunal na kumpanyang nagma-manupaktura ng pagkain at gatas para sa mga sanggol.

Kinundena ng WPPU ang pagtanggap ng maneydsment na gawing regular ang mga manggagawa. Anila, nakaayon ito sa programa ng kumpanya na Factory 2020, na target makapagkamal ng higit pang tubo gamit ang kontraktwalisasyon at pagsupil sa nakatayong unyon sa pabrika.

Noong Oktubre 16, nagwelga rin ang mga manggagawa ng Regent, isang kumpanyang lumilikha ng pagkain. Itinayo ng mga manggagawa ang kanilang piket sa mga tarangkahan ng kumpanya sa Kalawaan, Pasig at Tipas, Taguig City.

Inireklamo ng mga manggagawa ang kontraktwalisasyon sa kumpanya. Anila, mayorya sa mga manggagawa ay 20 taon nang nageserbisyo sa kumpanya ngunit mga kontraktwal pa rin. Bagsak din ang kanilang sahod. Hindi rin tinutupad ng maneydsment ang napagkaisahan sa CBA at hindi kinikilala ang mga bagong upisyal ng unyon. Dagdag pa, dinadahas ng kumpanya ang mga upisyal ng unyon sa layuning takutin sila at buwagin ang kanilang unyon. AB

Ikaapat na edisyon ng MKLRP, inilabas

INILABAS NOONG SETYEMBRE 23 ang ikaapat na edisyon ng Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino (MKLRP). Ang MKLRP ay saligang kursong pag-aaral na inililimbag ng Partido sa pamamagitan ng Pambansang Kagawaran sa Edukasyon (PAKED). Sa edisyong ito ng MKLRP, idinagdag ang seksyon tungkol sa rehimeng Benigno Aquino III. Kininis din ang diskusyon hinggil sa mga naunang rehimen matapos ibagsak ang rehimeng Marcos.

Nananawagan ang PAKED sa lahat ng rebolusyonaryong pwersa na lalo pang pasiglahin ang pag-aaral ng MKLRP at gamitin ito bilang sandata sa pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa sa kanayunan at kalunsuran.

Makukuha ang kopya ng pinakahuling edisyon ng MKLRP sa www.cpp.ph. AB

Militar at mina, kambal delubyo sa Tampakan

Muling umigting ngayong taon ang walang awat na kampanyang militar sa mga hangganan ng mga prubinsya ng South Cotabato, Davao del Sur, Sultan Kudarat at North Cotabato. Naglunsad ng operasyong dumog sa naturang lugar ang mga pasistang pwersa ng 39th IB, 27th IB, at 73rd IB sa ilalim ng 1002nd IBde ng AFP, at ang Special Action Force at Regional Public Safety Battalion ng Philippine National Police ng Region 11 at 12 upang bigyang daan ang muling pag-opereyt ng Tampakan Copper-Gold Project.

Mula Oktubre 2018, umabot na sa 12 operasyong militar ang nainlunsad ng AFP sa lugar. Tatlo rito ay laking-batalyong operasyon, pito ay laking-brigada at dalawang laking dibisyon na nagsimula mula pa noong Hunyo. Dinagdagan din ng dalawa ang dati nang nakapwestong 54 na detatsment na nakapaligid sa lugar.

Ininabay sa mga operasyong militar ang sunud-sunod na pagpasok ng mga kagamitan at makinayang pangmina sa lugar. Noong Nobyembre 2018, sinimulan na ng Major Drilling Corporation (MDC), isang Australyanong kontraktor, ang paghuhukay nito sa lugar.

Mapaminsalang mina

Ininabay din sa mga operasyong militar sa lugar ang mga maniobra ng kumpanya para tanggalin ang natitirang ligal na mga hadlang sa mga operasyon nito. Nireklasipika rin ng Department of Environment and Natural Resources, Department of Agrarian Reform, at lokal na guberno ng Tampakan na pabor sa mina ang mga lupang nainpamahagi na sa ilalim ng mga Certificate of Ancestral Domain Title at Certificate of Land Ownership Award. Nagbunga ito ng kaguluhan sa pagitan ng mga Lumad at setler na magsasaka. Nag-sampa rin ang kumpanya ng mina ng petisyon para sundin ang mga probisyon ng Mining Act of 1995 sa

halip na ang Local Environment Code ng South Cotabato na nagbabawal sa *open-pit mining*.

Noong 2014, napatigil ang operasyong mina dahil sa walang-awat na armadong paglaban ng mamamayan. Napaatras din ng malawakang kampanyang kontra-mina ang multinasyunal na Xstrata noong 2016. Naglabas din ng resolusyon ang lokal na guberno sa parehong taon na nagbabawal sa *open-pit mining*. Gayunpaman, muling pinahintulutan ng rehimg US-Duterte ang operasyon sa mina matapos ipasa ang proyekto sa kumpanya ng mga burges-kumprador tulad nina Henry Sy, Jr. (SM Investment Corp.), David Consunji (SODACO), Manuel Pangilinan (Philex), Tomas Alcantara (SMI /Alsons Investment), at Lucio Tan, Jr. (MRC Allied).

Kasalukuyan nang nag-oopereyt sa lugar ang IndoPhil, multinasyunal na kumpanyang Australian, ang pinakamalaking kumpanya ng mina sa Tampakan na itinayo ng dating mga manedyer ng Western Mining Corporation (WMC). Pagmamay-ari nito ang 40% ng Sagittarius Mines Inc. Kabilang sa mga pangunahing kasosyo ng IndoPhil ang San Miguel Corporation at Alcantara Group.

Ang Tampakan Gold-Copper Project ay nagkakahalaga ng \$5.9 bilyon sa kabuuan. Ang Tampakan ang may pinakamalaking reserba ng ginto at tanso sa Southeast Asia. Ayon sa ulat ng Xstrata-SMI,



matatagpuan dito ang 2.4 bilyong toneladang mineral na rekurso kabilang ang 13.5 milyong toneladang tanso at 15.8 milyong ounce ng ginto. Tinatayang aabot sa 375,000 toneladang tanso at 360,000 ounce ng ginto kada taon ang maaaring makuha dito sa loob ng 17 taon.

Walang patid na paglaban

Ang muling pagbubukas ng mina ay sinalubong ng malakas na pagtutol ng mga Lumad at ng mamamayan ng Timog Mindanao. Sa Kiblawan, Davao del Sur, isang makina sa paghuhukay ng MDC ang sinunog ng mga B'laan ngayong taon. Sa inilunsad na porum hinggil sa mina noong Setyembre 13 sa Notre Dame of Marbel University sa Koronadal City, mariing tinutulan ni Bishop Cerila Casicas ng Diocese of Marbel ang *open-pit mining* at nanawagan siya na ipahinto na ang operasyong mina.

Batid ng mga tumututol sa mina na ang panunumbalik ng proyekto at ang nagpapatuloy na batas militar sa Mindanao ay magresulta sa matitindi pang paglabag sa karapatang-tao. Sariwa pa sa kanilang alaala ang masaker sa pamilyang Capion, pagpaslang kay Datu Anting Freay at sa aktibistang si Boy Billanes. Lahat ng nabanggit na mga biktima ay pinaslang ng reaksyunaryong estado dahil sa kanilang pagtutol sa pagmimina sa Tampakan.

Paano nagkamal ng yaman ang mga Alcantara?

Malaki ang puhunan ng pamilyang Alcantara sa kontrobersyal na Tampakan Copper-Gold Project. Isa lamang ito sa mga negosyo ng Alsons Consolidated Resources Incorporated (ACR o Alcantara Group), isang dambuhalang kumpanyang may samutsaring sangay ng negosyo na nakabase sa Mindanao. Kontrolado rin ng Alcantara Group ang malaking sapi sa Australian na kumpanyang Indophil Resources NL. Kabilang sa iba pang mga negosyo nila ay sa *aquaculture*, agrikultura, konstruksyon, enerhiya at pagtotroso.

Kilalang negosyante sa Davao City ang pamilyang Alcantara at malapit na kaibigan at tagasuporta ni Rodrigo Duterte. Ang presidente ng Alcantara Group na si Tomas Alcantara ay kasalukuyang ika-33 na pinakamayamang Pilipino. Tinatayang umaabot sa \$300 milyon ang kanyang kabuuang yaman.

Dumating ang pamilyang Alcantara sa Mindanao noong dekada 1950. Sa pamamagitan ng programang *resettlement* ng gubyerno, kinamkam ng kanilang amang si Conrado ang mga lupa at konsesyon sa pagtotroso sa Sarangani (dating bahagi ng South Cotabato) at General Santos (dating distrito ng Buayan at Dadiangas). Mas lumawak ang kanilang ari-arian nang kamkamin nila ang mga lupang ninuno ng mga Moro at B'laan. Dumami rin ang kanilang negosyo nang agawin ni Conrado ang isang rantso sa Alabel at kumpanya ng pagtotroso sa Davao del Norte.

Mabilis na lumaki ang yaman ni

Alcantara at nagkaroon ng mga ari-arian sa Davao at iba pang mga lugar sa Mindanao. Taong 1962, itinatatag ng pamilya ang Alsons Development and Investment Corporation, ang kauna-unahang debeloper ng *real estate* sa Davao City.

Ibayong lumawak ang pangangamkam ni Alcantara nang itayo niya ang Iligan Cement Corporation noong 1968. Nakinabang siya sa mga makinaryang pangmanupaktura ng semento mula sa Japan na bahagi ng kabayaran ng bansa sa mga pinsala ng World War 2.

Naging matalik na kaibigan at kroni ng diktador na si Marcos ang pamilya Alcantara. Sa proteksyon ng Malakanyang, lalo pang lumawak ang Iligan Cement noong dekada 1980 sa kabila ng krisis at maigting na kompetisyon ng mga kumpanya sa semento. Ang dating Iligan Cement ay naging Alsons Cement Corporation at kasalukuyang kasosyo ni Ramon Ang sa Holcim Philippines.

Binigyan din ni Marcos ang

Alsons ng Timber License Agreement (TLA) para sa libu-libong ektaryang konsesyon sa pagtotroso sa Davao del Norte. Ang nasabing kumpanya ay nag-eeksport ng mga produktong kahoy sa China, US at ilang bansa sa Europe. Nang mapatalsik ang diktador noong 1986 at naupo sa poder si Cory Aquino, naging maimpluwensyang myembro ng gabinete nito ang hipag ni Conrado Alcantara na si Paul Dominguez.

Napaso ang TLA ng Alsons noong 1989 ngunit pinalitan lamang ito ng bagong kontrata sa ilalim ng programang Integrated Forest Management Agreement (IFMA) ni Aquino. Binigyan ang kumpanya ng humigit-kumulang 45,000 ektarya na sumasakop sa halos buong Talaingod at sumasaklaw sa 19,000 ektaryang lupang ninuno ng mga Ata-Manobo. Nilabanan ng mga Ata-Manobo ang pang-aagaw ng Alsons sa kanilang lupain.

Gamit ang hawak na IFMA, nagpalawak pa ang Alsons sa pagmimina at agribisnes matapos makakuha ng P350-milyong pautang mula sa Asian Development Bank.

Namuhunan din ang mga Alcantara sa *aquaculture* noong dekada 1980. Ang Alsons Aquaculture Corporation ang pinakamalaking eksporter ng sariwang bangus at mga produktong bangus sa bansa ngayon. Ang mga produkto nito ay iniluluwas sa US, Canada, Australia, UK, Japan, Singapore, Hongkong at Micronesia.

Mabilis din ang pagpapalawak ng Alcantara Group sa mga negosyo nito sa enerhiya at kuryente sa ilalim ng Electric Power Industry Reform Act ng gubyerno. Mayroon ito ngayong pitong plantang pang-enerhiya sa iba't ibang lugar ng bansa na pinatatakbo ng mga subsidaryo nito.



Regalong karahasan sa mga guro

Sa Buwan ng mga Guro, karahasan ang iniregalo ng rehimeng US-Duterte sa mga guro at kanilang mga estudyante. Dalawang guro ang tinangkang paslangin habang apat ang iligal na inaresto.

Sa Bukidnon, binaril ng mga ahente ng rehimen sa harap ng kanyang mga estudyante si Zhay-dee Cabañelez at asawa niyang si Ramil noong umaga ng Oktubre 15 sa Dalit Elementary School sa Barangay Lumbayan, Valencia. Nagtamo si Cabañelez ng mga sugat sa dibdib at paa at kritikal ang kondisyon. Nakaligtas naman ang kanyang asawa at kanyang mga estudyante.

Parehong kasapi ang mag-asawang Cabañelez ng Alliance of Concerned Teachers (ACT), organisasyon ng mga guro. Noon pang nakaraang taon malisyosong iniuugnay ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa armadong rebolusyonaryong kilusan ang grupo dahil sa paglaban nito para sa karapatan sa karagdagang sahod at benepisyong.

Noong Oktubre 10, iligal na inaresto ng mga elemento ng 402nd IBde at pulisya ang dalawang gurong kasapi ng Rural Missionaries of the Philippines (RMP) sa Barangay Limaha, Butuan City. Kinilala ang mga biktima na sina Melissa Comi-

so, tagapangasiwa ng programa ng RMP sa literasiya at numerasiya para sa mga Lumad, at si Nore Torregosa, boluntir na guro. Pinaratanganan ang dalawa na mga kasapi ng BHB at sinampahan ng gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms and explosives*.

Sa Sultan Kudarat, inaresto ng mga elemento ng 37th IB at pulisya si Gina Ciano, boluntir na guro ng Center for Lumad Advocacy Networking Services sa Sangay Village, Kalamansig noong Oktubre 14. Inakusahan siyang upisyal ng BHB na umano'y ikatlo sa "pinakatinutugis" na kriminal sa prubinsya. Sinampahan siya ng patung-patong na gawa-gawang kaso ng pagpaslang at tangkang pagpaslang. Sa parehong araw, inaresto ng mga ahente sa paniktik ng AFP si Digna Mateo, koordineytor ng ACT sa Bulacan, sa harap ng Our Lady of Fatima Parish sa Marilao, Bulacan. Isang linggo bago nito, iniulat ni Mateo na sinundan siya ng nakamotorsiklong kalalakihan matapos mangampanya para sa isang unyon ng ACT-Central Luzon. AB

Mga manggagawa sa NKTI, nagtagumpay

INIANUNSYO NOONG OKTUBRE 11 ng asosasyon ng mga manggagawang pangkalusugan sa National Kidney and Transplant Institute (NKTI) ang kanilang mga tagumpay sa kanilang *collective negotiating agreement* (CNA) sa maneydsment ng ospital.

Nagiit ng mga manggagawa ang pagbibigay sa kanila ng mga benepisyong tulad ng dagdag na pondong paluwagan (P5,000 kada manggagawa), libreng pagkain, libreng ospitalisasyon para sa pagpapa-opera at iba pang benepisyong medikal, at dagdag na pondo para sa mga magreretiro (P70,000).

Ang NKTI ay ospital na nageespesyalisa sa paggamot sa mga sakit sa bato. Bagamat kontrolado ito ng estado, matataas ang bayarin dito dahil korporatisado ang pamamalakad nito at ang oryentasyon nito ay kumita. Ang asosasyon ng mga empleyado rito (NKTI Employees Association) ay myembro ng Alliance of Health Workers. AB

55 paaralang Lumad, ipinasara

KINUNDENA NG SAVE Our Schools (SOS) Network at mga mag-aaral at guro ng Salugpongan Ta Tanu Igkanogon Community Learning Center, Inc. ang desisyon ng Department of Education (DepEd)-Region 11 na ipasara ang 55 sa kanilang mga eskwelahan sa Davao. Giit ng SOS, walang batayan ang mga akusasyon ni Hermogenes Esperon, ikalawang tagapangulo ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict, na ginagamit umano ang mga paaralan para sa rekrutment ng BHB.

Sa kanilang protesta noong Oktubre 11 sa Freedom Park, Davao City, tinawag nilang "kalkokohan" ang binuong *fact-finding team* ng DepEd sapagkat hindi man lamang ito bumisita sa mga paaralan.

Ang Salugpongan ay itinatag ng mga lider-Talaingod Manobo noong 2003 at inirehistro sa DepEd noong 2007. Nagbibigay ito ng libreng edukasyon sa mga Lumad at tumutulong sa pagtatanggol ng kanilang lupang ninuno sa kabundukan ng Pantaron.

Karahasan sa Leyte

ISANG KASAPI NG National Union of Journalists of the Philippines ang binaril at napatay ng pinaghihinalang mga ahente ng estado noong Oktubre 16 sa MacArthur, Leyte. Kinilala ang biktima na si Maureen Japzon, manunulat ng Bulatlat at upisyal ng Comelec sa naturang bayan. Kilala siya sa mga artikulong naglahad ng mga kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang na kinasangkutan ng AFP sa Eastern Visayas sa ilalim ni Jovito Palparan.

Sa parehong araw, binaril at napatay din sa naturang bayan si Renee Superior, konsehal ng Barangay Libungao, Kananga. AB

Krisis sa transportasyon, bulok na ekonomya

Noong nakaraang linggo, sumiklab ang galit ng mga residente ng Metro Manila matapos sabay-sabay na pumalya ang tatlong sistema ng tren na sinasakyan ng milyun-milyong mamamayan. Dumagdag ito sa napakalalang trapik sa mayor na mga daan sa pambansang kabisera.

Sa harap nito, ipinagpilitan pa ng rehimeng Duterte na walang nagaganap na krisis sa transportasyon. Pinalalabas nitong wala itong pananagutan, at isinisisi ang malalang trapik sa nagdaang mga rehimen.

Ginatungan nito ang galit ng mamamayan, lalupa't napabalita ang pagbili ni Duterte ng marangyang eroplano para sa personal niyang gamit at ng mga upisyal ng AFP. Malinaw ang pangangailangan para sa mas maayos na sistema sa transportasyon laluna para sa ordinaryong mga manggagawa at empleyadong araw-araw na napeperwisyo rito.

Makatarungan ang pagigiit na maghanap ang rehimen ng mga kagayyat na mga solusyon at itigil ang mga kontra-mamamayang hakbang na lalo lamang nagpapahirap sa mga pasahero. Habang wasto ang paggiit para sa kagayyat na mga solusyon, kailangang maunawaan na ang krisis sa transportasyon, sa pinakabatayang antas nito, ay repleksyon ng bulok na sistemang panlipunan at pang-ekonomya, at na ito ay lubusan lamang mareresolba kung magaganap ang radikal na pagbabagong panlipunan sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Bulok at naaagnas ang Metro Manila


Hindi lamang trapik ang problema ng mga residente ng Metro Manila kundi pati na rin ang baha, kawalan ng bahay, tubig, maayos na sistema ng mga estero at koleksyon ng basura. Masikip, marumi ang hangin at halos hindi na makahinga ang mga residente nito, laluna sa mga komunidad ng maralita na bumubuo sa syudad. Sa ngayon, 13-15 milyon ang populasyon ng

pambansang kabisera. Kini-kilala na ang Maynila bilang pinakamasikip na syudad sa buong mundo.

Resulta ang kalagayang ito ng magulo at walang maayos na plano sa pagtatayo ng mga *mall*, gusali, pabahay at iba pang *real estate* ng malalaking burges-kumprador na itinulak ng ispekulasyon sa *real estate*. Resulta rin ito ng kara-karakang pagbibigay ng sinumang nakaupo sa estado-poder sa kanilang pinakapinaborang kumprador ng matatabang kontrata sa kalsada, tulay at iba pa. Dagdag pa rito ang malawakang pribatisasyon ng mga serbisyong panlipunan at pagtambak ng US at Japan ng sobrang mga kotse at sasakyan. Walang pagpapalano sa antas pambansa para sabay at balanseng mapaunlad ang mga industriya at agrikultura at matiyak ang komprehensibong pagsigla ng ekonomya.

Malaking bilang ng mga tagaprubinsya ang lumuluwas sa pambansang kabisera dahil sa matinkad na disbalanse sa pagitan ng mga syudad at kanayunan. Sa ngayon, nakasentro lamang sa Metro Manila at sa kanugnog nitong mga prubinsya ang bulto ng pagmamanupaktura at komersyo. Nasa mga lugar ring ito ang bulto ng mga trabaho.

Pinakikinabangan ng malalaking negosyo ang laksa-laksang bilang ng mga walang trabaho sa Metro Manila para ibaba at ipako ang arawang sahod ng mga manggagawa. Ito ang dahilan kung bakit sa matagal na panahon, walang ginawa ang magkakasunod na rehimen sa problema ng sobrang populasyon sa Metro Manila at kaakibat nitong mga problema.



Sa nakaraang 30 taon, barabarang paglalagat ng mga imprastruktura ang naging solusyon sa trapik sa Metro Manila. Ang mga ito'y mabilis na nasasagad, at sa kalauna'y nangangailangan ng dagdag na imprastruktura na hindi nagtatagal ay nasasagad rin ang kapasidad.

Sa simula, inilatag ang mga *flyover* sa EDSA. Sinundan ito ng pagtatayo ng MRT sa kahabaan ng EDSA at sa LRT2 sa kahabaan ng Aurora Boulevard. Ngayon, kaliwa't kanan ang itinutulak na mga proyekto tulad ng *subway* (sistema ng tren sa ilalim ng lupa), *skyway* (mahahaba at malalapad na *flyover*) at *walkway* sa EDSA, at isang haywey sa palibot ng Metro Manila.

Ang mga kontrata sa mga ito'y iginawad sa mga pinakapinaborang burges-kumprador ng rehimen. Ang lahat ng mga ito, kabilang na ang mga sistema ng tren patungong Bulacan at Cavite, ay pawang mga proyektong batbat ng korapsyon, nakatali sa mabibigat na pautang at ang pangunahing layunin ay kumita. Maaari nitong paluwagin ang daloy ng trapik sa maikling panahon, pero hindi magtatagal, lalo lamang nitong palalalain ang pagsisiksikan sa Metro Manila.

Sa pagtatagumpay ng pamban-
"Transportasyon...", sundan sa pahina 10

Northeastern Syria, muling sinalakay ng Turkey

Muling sumiklab ang matinding armadong labanan sa hilagang-silangang Syria (tinaguriang Rojava) nang salakayin ito ng mga armadong pwersa ng Turkey noong Oktubre 9. Sa ngalan ng "Operation Peace Spring," isang kampanyang diumano'y kontra-terorismo, walang patumanggang binomba ng Turkey ang mga bayan sa hangganan nito at ng Syria na pinangangasiwaan ng Kurdish Democratic Union Party (PYD). Nagresulta ito sa sapilitang pagbabakwit ng 300,000 residenteng Kurd.

Target ng opensiba ang Syrian Democratic Forces (SDF) ang armadong nagsisilbing pwersang panseguridad ng Rojava. Ito ay pangunahing binubuo ng People's Protection Unit (kilala bilang YPG) na armadong pwersang pananggal-sa-sarili ng mga Kurd. Itinatag ng mga Kurd ang nagsasariling guberno ng Rojava noong 2012 bilang baseng teritoryo ng kanilang pakikibaka para itatag ang estadong Kurdistan sa mga rehiyon sa hangganan ng Turkey, Syria, Iran at Iraq kung saan mayorya ng mga residente ay Kurd.

Pagdadahilan ng Turkey, "terorista" ang SDF dahil alyado umano ito ng Kurdistan Workers' Party o PKK. Matagal nang lumalaban para sa pagtatatag ng estadong Kurdistan ang PKK.

Plano ni Erdogan na ilagak sa mga bayan ng Rojava ang 3.6 milyong bakwit na Syrian na kasalukuyang nakatigil sa Turkey. Bahagi ang mga bakwit na ito sa milyunmilyong Syrian na napalayas sa bansa dulot ng limang taong gera na nilikha at sinulsulan ng US. Para magawa ito, kailangang palayasin, kundiman lipulin, ni Erdogan ang

mga Kurd sa Rojava para maagaw ang kanilang mga teritoryo. Katuwang ng Turkey sa pang-aatake ang Free Syrian Army, isang milisyang binuo, inarmasan at pinopondohan ng US laban sa nakaupong presidente ng Syria na si Bashar Al-Assad. Ayon kay Erdogan, kontrolado na ng Turkey ang aabot sa 1,220 kilometro-kwadrang erya sa nasabing teritoryo.

Relatibong mas mahina ang lakas-pamutok at mas maliit ang bilang ng mga tropa ng mamamayang Kurd kumpara sa Turkey.

Nakipagkasundo kamakailan ang SDF sa guberno ni Assad para kontrahin ang atake ng Turkey. Dating kalaban ng SDF ang gubyernong ito dahil sa mga pagsalakay sa teritoryong Rojava mula noong 2012. Noong Oktubre 14, nagsimula nang magdeploy ang Syria at ang alyado nitong Russia ng mga tropa sa rehiyon.

Palabas ng US

Taong 2015, nagkasundo ang US at mga Kurd sa ngalan ng paglaban sa ISIS. Sa kasunduang ito, nagpakat ng 1,000 tropang Amerikano sa Rojava. Gayunpamn, ang

tunay na estratehikong pakay ng US ay ang pabagsakin ang gubyernong Assad sa Syria

Idineklarang "nagapi" na ang ISIS noong 2017, matapos pulbusin ng Russia ang mga base ng teroristang grupo sa Iraq at Syria. Dahil dito, nawalan ng katwiran ang presensya ng US sa Rojava. Pagsapit ng Disyembre 2018, inannunsiyo ni Trump na iaatras ang 1,000 tropa nito sa Rojava, na itinuturing ng iba na pagtanggap ng pagkatalo sa layon nitong saklutin ang Syria. Nitong Oktubre 6, tuluyang inatras ang natitirang tropa sa erya, matapos makipagkasundo kay Erdogan. Ilan araw matapos nito, sinalakay ng Turkey ang Rojava.

Naging matindi at malawak ang pagkundera sa kunwa'y pag-abandona ni Trump sa "alyado" nitong Kurd. Dahil dito, kunwa'y nagpataw ng sangksyon sa ekonomya ang US sa Turkey. Pero agad din itong binawi ni Trump kapalit ng pagsangayon ng Turkey sa 120-oras na tigilputukan. Ginamit ng Turkey ang panahong ito para paatrasin ang mga Kurd sa matatag na muog nito sa hangganan ng dalawang bansa.

Sa sumunod na mga araw, tumampok ang pakikipagkasundo ng US sa Turkey, ng Turkey at Russia, at ng Russia at Syria kaugnay sa paghahatian nila sa mga teritoryo ng Kurd. Lumalabas na sang-ayon

"Northeastern..." sundan sa pahina 11

"Transportasyon..." mula sa pahina 9

sa-demokratikong rebolusyon, mapagpasyang reserolbahin ng demokratikong gubyernong bayan ang problema ng pagkabulok at sobrang siksikan sa mga syudad. Magkakaroon ng plano para kamtin ang balansyadong pag-unlad ng industriya at agrikultura. Magkakaroon ng programa para sa trabaho sa lahat ng bahagi ng bansa para hikayatin ang mga residente ng mga syudad na bu-

malik sa mga prubinsya. Ilalatag ang mga pabrika para saluhin ang sobrang lakas-paggawa ng kanayunan. Itataas ang sahod ng mga manggagawa at kita ng mga magsasaka.

Tanging sa ilalim ng demokratikong gubyernong bayan at sentralisadong pagpapalano makakamit ang balansyadong pag-unlad sa ekonomya, at dulot nito, ang mas maayos na distribusyon ng populasyon sa buong

bansa. Pagtutuunan ng pansin ng demokratikong guberno ang paglalatatag ng mga pangmasang transportasyon, kapwa para sa mahahaba at maiikling byahe. Sa pamamagitan lamang nito mareresolba ang problema ng pagsisiksikan sa Metro Manila at iba pang syudad, at sa gayon mareresolba ang matinding trapik at iba pang problema ng pagkabulok ng mga syudad.

Neoliberal na mga patakaran, nilabanan sa Ecuador

NAGLUNSA NG WELGANG bayan ang puu-puong libong mamamayan ng Ecuador mula Oktubre 3-13 sa kabisera sa Quito para ipahayag ang kanilang pagtutol sa "Pacquetazo Package" o serye ng mga neoliberal na repormang ipinatupad ng rehimen ni Pres. Lenin Moreno. Ipinatupad ito kapalit ng pautang na \$4.2 bilyon mula sa International Monetary Fund (IMF) noong Pebrero.

Kabilang sa mga kundisyon na ipinataw nito ang pagbabawas ng gastos para sa mga serbisyong sosyal, malawakang tanggapan ng mga kawani, at pagtatanggal ng mga subsidyo. Nagresulta ang mga patakaran ito sa mabilis na pagsidhi ng krisis sa ekonomya at pulitika ng bansa.

Pinakamasahol sa mga patakaran neoliberal ang pagtatanggal sa \$1.3 bilyong subsidyo para sa gasolina at diesel na nagresulta sa pagdoble ng presyo ng nasabing mga produkto, at pagsirit ng presyo ng lahat ng batayang bilingin. Dagdag

na pasakit ang dagdag na buwis na ipinataw ni Moreno sa ordinaryong mga mamamayan.

Para makaakit ng dayuhang pamumuhunan, pinababa naman niya ang buwis sa mga korporasyon at taripa sa mga produktong agrikultural at industriyal. Kinaltasan din ni Moreno ang sahod ng mga manggagawa at pinagkaitan sila ng mga batayang karapatan sa paggawa gaya ng kompensasyon para sa mga tinatanggal sa serbisyo.

Layunin ng mga repormang ito na wasakin ang kakayanan ng

Ecuador na tumindig sa sarili nitong mga paa at igapos ito sa malakolonyal na dominasyon ng imperyalismong US.

Kasabay ng welgang bayan, sinuspinde ni Moreno ang karapatang mag-organisa, mag-assemblya at magprotesta sa loob ng 60 araw upang supilin ang paglaban ng mga Ecuadorian. Ginamit niya ang militar at pulisya para marahas na buwagin ang mga protesta. Nagresulta ito sa pagkamatay ng hindi bababa sa walong sibilyan, habang 800 naman ang inaresto at libu-libo ang sugatan.

Noong Oktubre 14, natulak si Moreno na pansamantalang iatras ang mga patakaran ng IMF dahil sa tindi ng pagtutol dito. AB

"Northeastern...", mula sa pahina 10

ang US at Russia na okupahin ng Turkey ang target nitong mga teritoryo ng Kurd sa hangganan nito. Ang natitirang bahagi ng Rojava at buong North Syria na dating okupado ng ISIS ay muli nang ipapailalim sa guberno ni Assad. Sa gitna ng mga kasunduang ito, walang matitira sa mamamayang Kurd.

Pinag-aagawang mga rekurso

Pinag-iinteresang Turkey,

Syria at mga imperyalistang bansa ang Rojava dahil sa reserbang langis, rekursong tubig at matabang lupa nito. Bago magdeklara ng awtonomya, halos dalawangkatlo ng produksyon ng langis ng Syria (251,000 sa 387,000 bariles/araw) ay mula sa mga planta ng Rojava. Nang humiwalay ito sa Syria, nakakapagprodyus ito sa abereyds ng 15,000 bariles/araw na ginagamit para magsuplay ng

kuryente sa rehiyon at nagsisilbing pangunahing eksport nito sa Syria.

Tumatagos din dito ang ilog ng Euphrates na pinakamahaba at isa sa pinakamahalagang ilog sa Western Asia. Ito ang pangunahing pinagkukunan ng suplay ng tubig-inumina at ginagamit para sa irigasyon sa Rojava. Mayroon ding mga mayor na dam at imbakan ng tubig dito na maaaring gamitin para magsuplay ng kuryente. Sa kasalukuyan, ang tubig ay dalawang beses na mas mahal kumpara sa langis sa Rojava dahil sa kakulangan ng suplay nito.

Malaki rin ang potensyal ng Rojava sa larangan ng agrikultura. Bago ang deklarasyon ng awtonomiya, itinuring itong "food basket" o pangunahing pinagkukunan ng pagkain ng Syria. Dito nagmula ang 43% sa kabuuang produksyon nito ng mga butil gaya ng trigo at palay na pangunahing konsumo ng mga Syrian. Dito rin nagmula ang 80% sa kabuuang produksyon ng bulak na karaniwang ginagamit sa paggawa ng damit. AB



Martsa laban sa *climate change*

Lumalaganap ngayon sa buong daigdig ang mga pagkilos laban sa mga pagbabago sa klima. Noong 2018, sinimulan ang mga pagkilos tuwing Biyernes sa ilalim ng kampanyang #FridaysForFuture (o Biyernes para sa kinabukasan). Katangi-tangi sa mga protestang ito ang presensya ng mga bata at kabataan, laluna ng mga estudyante.

Pinakamalaki ang naging mga protesta noong Setyembre 20 hanggang Setyembre 27 nitong taon. Tinatayang umaabot sa anim na milyong kabataan sa buong daigdig ang lumahok sa iba't ibang porma ng pagkilos. Higit isang milyon ang nagmartsa sa Italy. Nagkaroon din ng mga pagkilos sa New Zealand, Netherlands at Spain. Nakiisa rin ang mga bansang Indonesia, South Korea, Taiwan at iba pa. Ang mga pagkilos ay kasabay sa panawagan ni Greta Thunberg, isang 16-taong gulang na estudyanteng taga-Sweden, na mag-isang nagprotesta laban sa kanyang gubyerno noong 2018.

Sa United Kingdom, nagsimula ang Extinction Rebellion, isang di-marahas na kampanya ng pagsuway sa gubyerno noong Oktubre 7. Bilang tugon, 1,500 raliyista ang inaresto sa London, at 92 sa kanila ang kinasuhan ng iba't ibang paglabag sa batas. Mayroon ding katulad na mga pagkilos sa iba't ibang bahagi ng mundo.

Sa Pilipinas, nagmartsa ang 600 kabataan at estudyante sa UP Diliman noong Setyembre 20. Bumuo sila ng isang malaking hugis mundo bilang

simbolo na ang kabataan ang magmamana sa pagkasira nito. Pinangunahan ang martsa ng Youth Advocates for Climate Action Philippines, Agham Youth at Kalikasan People's Network for the Environment.

Ano ang *climate change*?

Ang *climate change* o pagbabago sa klima ang bumibilis na pagtaas ng temperatura ng daigdig. Kabilang sa mga pagbabagong ito ang pagtaas ng lebel ng tubig-dagat, pagdalas ng biglaan at matitinding pagbabago ng panahon, mas mainit na temperatura at mas malakas na pagbuhos ng ulan. Humuhugis ito sa mga bagyo, pagguho ng lupa, baha, tagtuyot at iba pa.

Maaapektuhan ng mga pagbabagong ito ang mga halaman, hayop at mismong mga tao. Malaking bahagi ng mga tirahan ng mga hayop ay nawawala na dahil sa pagkasunog o pagkasira.

Ayon sa Global Climate Index, nagkaroon na ng 11,500 matitinding pagbabago ng panahon sa pagitan ng 1998 at 2017 kung saan 526,000 katao ang namatay. Sinira nito ang mga

sakahan, produkto at ari-ariang nagkakahalaga ng \$3.4 trilyon.

Panlima ang Pilipinas sa pinakabulnerable sa pagbabago sa klima sa buong mundo. Sa Pilipinas, nagkaroon ng 307 gayong mga pagbabago ng panahon, karamihan malalakas na bagyo, mula 1998 hanggang 2017. Umaabot sa \$3 bilyon ang nasira sa mga bagyong ito. Pinakamalalaki rito ang mga bagyong Yolanda (pandaigdigang pangalan: Haiyan, 2013), bagyong Pablo (Bopha, 2012) at bagyong Ondoy (Ketsana, 2009.) Dulot ng pagkaatrasado ng lokal na ekonomiya, nakaasa ang pagkain at iba pang pangangailangan ng mamamayan sa mga rekursong madaling tamaan at wasakin ng naturang mga sakuna.

Sa ulat na inilabas ng Climate Accountability Institute nitong Oktubre, pinangalanan ang 20 kumpanya na nangungunang dahilan ng *climate change*. Karamihan sa mga kumpanyang ito ay mga kumpanya sa enerhiya na naglalabas ng *carbon dioxide* at *methane*. Nangunguna sa listahan ang Chevron, ExxonMobil at Shell. Kabilang din sa listahan ang Saudi Aramco at PetroChina, mga kumpanyang pagmamay-ari ng mga gubyerno. Tinatayang nasa 35% o 480 bilyon tonelada ang inilabas ng mga ito mula pa 1965. Ang *carbon dioxide* (pangunahing sa usok ng mga pabrika at sasakyan) at *methane* ang pangunahing mga elemento na nagkukulong ng init sa atmospera.

Sa kasaysayan, ang US ang numero uno sa mga bansang pinakamalaking nagpapakawala ng *carbon dioxide* sa ere (17% ng lahat ng mga *carbon dioxide emission*), ayon sa Union of Concerned Scientists. Naungusan na lamang ito ng China noong 2011. Noong 2016, kabilang ang US at China sa pinakamapangwasak sa kalikasan na kapitalistang mga bansa tulad ng India, Russia, Japan at Germany. AB

